

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ginugunita ng Lungsod ng Brampton ang buhay ng dating Premier at residente ng Brampton na si Bill Davis

Available ang Aklat ng mga Pakikiramay sa City Hall ng Brampton

BRAMPTON, ON (Agosto 12, 2021) – Nakikiisa ang Lungsod ng Brampton sa bansa sa pagdadalamhati sa pagyao ni Honourable William (Bill) Grenville Davis PC, CC, OOnt, QC, kilala nang lokal na si “Brampton Billy”, noong Agosto 8, 2021. Naglingkod si Premier Davis sa lalawigan bilang ika-18 Premier ng Ontario mula 1971 hanggang 1985. Bago ito, naglingkod si G. Davis bilang MPP para sa ridings ng Peel ('59-'67), Peel North ('67-'75), at Brampton ('75-'85).

Noong Agosto 8, ibinaba ng Lungsod ang mga watawat sa lahat ng pasilidad at pinalamlam ang Clock Tower sa City Hall ng Brampton bilang pag-alala kay Premier Davis. Available ang aklat ng mga pakikiramay hanggang Agosto 27, sa harap na mga pintuan ng City Hall sa oras na may pasok sa weekday 8:30 am - 4:30 pm para sa mga kasapi ng publiko na gustong ipaabot ang kanilang paggalang.

Kahapon sa regular na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, ang mga Kasapi ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ay nagdaos ng sandali ng katahimikan at nagbahagi ng mga alaala sa maraming mahalagang kontribusyon na nagawa ni G. Davis sa buhay ng publiko ng Brampton at sa buong lalawigan at bansa. Sa unang bahagi ng Hulyo, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang hiling mula sa dating Mayor ng Brampton na si Peter Robertson na nag-commit ng \$100,000 para mag-order ng monumento sa loob ng Lungsod bilang paggalang kay dating Premier Davis.

Noong Nobyembre 2019, natanggap ni G. Davis ang “Key to the City” ng Brampton mula kay Mayor Patrick Brown. Ang “Key to the City” ay isang simbolikong parangal na ibinibigay ng munisipyo sa isang labis na pinapahalagahang kasapi ng komunidad o isang hinahangaan at kinikilalang panauhin sa Lungsod ng Brampton na nakagawa ng epekto sa mga buhay ng mga residente ng lungsod.

Idadaos ang pribadong funeral na may pampublikong selebrasyon ng buhay na magaganap sa Setyembre 2021. Sa pakikipagkonsulta sa pamilya, pwedeng ipadala ang mga bulaklak kay Kathy Davis sa 61 Main St. S, Brampton, ON L6Y 1M9. Maaari ring mag-donate ang mga residente sa charity na gusto nila bilang paggalang kay Premier Davis.

Obitwaryo

- [William Grenville Davis Obituary - Brampton, ON | Ward Funeral Homes](#)

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca